Departamento para sa Pabahay at Urban na Pagpapaunlad ng Estados Unidos

Seksyon 8:

# Mga Enhanced Voucher (Pinahusay na Voucher)



## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN:

- Mayroon kayong karapatang manatili sa inyong ari-arian sa tulong ng enhanced voucher (pinahusay na voucher)
- Maaari kayong mamalagi hangga't ang mga yunit ay ginagamit para sa pinauupahan na pabahay at karapat-dapat para makatanggap ng tulong sa ilalim ng Housing Choice Voucher Program
- Hindi maaaring tapusin ang inyong pag-upa maliban kung may paulit-ulit na mga paglalabag sa pag-upa o iba pang tamang dahilan

## Ano ang Nangyayari sa aking **Pabahay?**

### Mga Kilos sa Pagbabago

Ang inyong tintirhang gusali ay sumasailalim sa isang pagbabago. Karaniwang nangyayari ito kapag nangyari ang isa sa tatlong sitwasyon: pinili ng may-ari ng isang pribadong ari-arian na hindi sumali sa rental assistance program (programa ng tulong sa upa) sa pagwawakas ng termino ng kontrata; winakasan ng HUD ang kontrata para sa rental assistance (tulong sa upa); o binayaran ng may-ari ang ilang mga mortgage na tinustusan ng gobyerno bago ang huling petsa ng mortgage. Sa ilang mga kaso, kailangang ibigay sa inyo ng may-ari ang abisong ito isang taon bago matapos ang kontrata. Ang kilos ng pagbabago ay maaaring makalikha ng isang situwasyon

Lumikha ng sitwasyon kung saan ang mga pamilyang nakatira sa project ay maaaring makaranas ng pagtaas ng upa. Para protektahan kayo at ang inyong pamilya sa pagtaas ng upa, ipinagkakaloob sa ilalim ng batas ang ilang mga proteksyon sa umuupa. Ang mga proteksyong ito ay kinabibilangan ng posibleng tulong sa upa na may kasamang karapatang manatili sa ari-arian. Ang napagpasyahang karapat-dapat na pamilya ng lokal na Public Housing Authority (PHA) ay nagbibigay ng oportunidad na makatanggap ng tulong sa upa. Ang tulong na ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng Enhanced Voucher (pamamalagi) o Housing Choice Voucher (paglipat ng tirahan).

## Ano ang **Enhanced Voucher?**

Ang isa sa mga paraang mabibigyan ng oportunidad ang mga pamilya na manatili sa ari-arian ay sa pamamagitan ng Enhanced Voucher. Ang PHA na namamahala sa mga voucher ang magpapasya sa ang inyong elihibilidad na tumanggap ng isang enhanced voucher. Ang (mga) voucher na ito ay naiiba sa regular na Seksyon 8 na housing choice voucher sa dalawang paraan:

- Una, ang mga enhanced voucher ay nagpapahintulot sa inyong manatili sa ari-arian pagkatapos ng conversion action (kilos ng pagbabago ) hangga't ang unit

  ay patuloy na ginagamit bilang isang inuupahang pabahay.
- Ikalawa, ang halagang mababayaran ng PHA sa upa sa ari-arian ay maaaring mas mataas kaysa sa upa na mababayaran ng PHA para sa isang katulad na yunit gamit ang isang regular na housing choice voucher.

Tandaan, *maaari kayong manatili sa ari-arian*. Kayo ay hindi maaaring paalisin o palayasin maliban kung may matitindi o paulit-ulit na paglalabag sa kontrata. Ang mga paglalabag na ito ay mga bagay-bagay tulad ng hindi pagbabayad ng upa, hindi pinanatiling maayos ang unit, at iba pang mga paglalabag sa upa na nakalista sa inyong nilagdaan na upa. Mayroon pa rin kayong karapatang magpunta sa korte para sa mga pagdinig sa pagpapalayas. Batay sa mga iniaatas ng HUD, kung kayo ay naninirahan sa isang yunit na napagpasyahan ng PHA na napakamalaki o napakamaliit para sa inyong pamilya, maaaring hilingin mula sa inyong lumipat sa isang unit na mas tumutugma sa laki ng inyong pamilya.

Departamento para sa Pabahay at Urban na Pagpapaunlad ng Estados Unidos

Seksyon 8:

# Mga Enhanced Voucher (Pinahusay na Voucher)

### MGA HALIMBAWA NG MATITINDING PAGLALABAG SA UPA

- Kabiguang magbayad ng upa
- Mabuting dahilan sa ilalim ng voucher program
- Kabiguang mapanatili ang ari-arian sa mabuting kondisyon
- Marahas na krimen sa ari-arian
- Anumang tinukoy sa kontrata ng upa bilang isang mapapahintulutang dahilan upang wakasan ang upa



## Nais kong Makahanap ng Isang Bagong Lugar na Matitirahan

### Ang Karapatanng Lumipat ng may Housing Choice Voucher

Kung hindi ninyo nais manatili sa isang ari-arian, maaari kayong lumipat. Makakatanggap kayo ng isang housing choice voucher para makalipat sa halip na isang enhanced voucher. Kung kayo ay magpapasyang kumuha ng isang housing choice voucher, kayo ay kinakailangang magbayad ng hanggang 40% ng inyong inayos na buwanang kita. Ang voucher ay nagpapahintulot sa inyong manirahan kahit saan ninyo nais sa bansa hangga't nakakatugon kayo sa ilang mga kriterya na naitakda ng public housing authority (awtoridad para sa pampublikong pabahay). Maaari kayong humiling ng isang voucher para lumipat bago magwakas ang anumang termino ng upa.

### Karagdagang Impormasyon at Tulong

Makipag-ugnay sa inyong lokal na kinatawan ng Public Housing Authority para sa mga tiyak na impormasyon tungkol sa inyong mga proteksyon sa tahanan at bilang umuupa.

Maaari rin kayong makipag-ugnay sa Office of Fair Housing and Equal Opportunity ng HUD **1-800- 669-9777**, kung naniniwala kayo na kayo ay pinakitunguhan nang may diskriminasyon.

